



## BON SECOURS HEALTH SYSTEM

### Patakaran/Pamamaraan

Titolo: Paniningil/Mga Koleksyon	Petsa: Pebrero 2, 2019
	Pinapalitan ang Bersyon ng Petsa:
Kategorya: SYS.FIN.BILL	Inaprubahan ni: Konseho ng BSHSI

### PATAKARAN

Patakaran ng Pangkalusugang Sistema ng Bon Secours (“BSHSI”) na magbigay ng impormasyon tungkol sa nakasanayan sa paniningil at koleksyon para sa pasilidad ng ospital ng malalang karamdaman. Ang BSHSI ay nakatuon sa paniniguro na makakatanggap ang lahat ng kailangang pangkalusugang serbisyo. Ang BSHSI ay ginagamot ang lahat ng pasyente, kung ito man ay nakaseguro o hindi; may dignidad, respeto at awa sa lahat mula sa admisyon, pagbibigay ng serbisyo, pagpapalabas at proseso ng paniningil at koleksyon. Ang patakaran na ito, sa pakikipag-ugnayan sa Patakaran ng Tulong Pinansyal sa Pasyente, ay pinlano na may intensyon na matugunan ang mga kailangan sa Seksyon 501(r) ng Kodigo ng Rentas Internas ng 1986, bilang nabago, tungkol sa tulong pinansyal at mga patakaran ng medikal na pangangalaga sa emergency, mga limitasyon sa paniningil sa mga taong karapat-dapat sa tulong pinansyal, at pagsisikap sa makatwirang paniningil at koleksyon at dapat ay ipakahulugan nang naayon.

### SAKLAW

Ang patakaran na ito ay ginagamit sa lahat ng pangangalaga sa malalang karamdaman at libreng nakaantabay na mga pasilidad ng emergency room. Isang listahan ng mga pasilidad na iyon ay kasama sa dulo ng patakarang ito. Kahit anong ahensiyang tagakolekta na nagtrabaho sa ngalan ng BSHSI ay igagalang at susuportahan ang pagsasagawa ng koleksyon ng BSHSI na nakabalangkas sa ibaba. Maliban kung tinukoy sa ibang paraan, ang patakaran na ito ay hindi kailangang gamitin sa manggagamot o tagabigay ng medikal na serbisyo, kabilang ngunit hindi limitado sa mga manggagamot ng emergency room, anesthesiologists, radiologists, hospitalists, at pathologists.

### MAKATWIRANG PALIWANAG

Ang makatwirang paliwanag para sa pamamaraang ito ay para maningil ang BSHSI ng mga tagapanagot at naaangkop na ikatlong partidong tagabayad nang wasto, sa tamang panahon, at hindi nagbabago gamit ang naaangkop na mga batas at regulasyon.

Ang BSHSI at ang kahit aling kinontratang Ahensyang Tagakolekta ay sisiguruhin na ang mga serbisyo na ibinigay ayon sa naaangkop na batas pederal, etsado at lokal na mga batas, regulasyon at tuntunin na sumasakop sa Serbisyo, kabilang ang Batas ng Makatarungang Pagsasagawa ng Pangongolekta ng Utang (FDCPA). Sa pakikipagkasunduan sa BSHSI, ang bawat Ahensyang Tagakolekta ay makikipagkasundo na tratuhin ang lahat ng mga pasyente, empleyado at kasosyo sa negosyo ayon sa misyon at pinahahalagahan ng Pangkalusugang Sistema ng Bon Secours. Bilang karagdagan, ang bawat Ahensyang Tagakolekta ay sisiguruhin na gagamitin ang pinakamagaling na nakasanayan sa industriya sa paggawa ng mga Serbisyo.

Ang BSHSI ay kukuha ng mga makatwirang pagsisikap upang masiguro na ang impormasyon tungkol sa ating Programang Tulong Pang Pinansyal at ang kanyang kakayahang magamit ay maliwanag na naipapahayag at nagawang magagamit nang malawakan sa publiko. Ang ating Aplikasyon at Patakaran sa Tulong Pinansiyal, Buod ng Payak na Wika, at ang Patakaran ng Paniningil at Koleksyon ay makikita at mada download sa [www.fa.bonsecours.com](http://www.fa.bonsecours.com). Sa paghihiling, ang mga indibidwal ay bibigyan , nang walang sisingilin sa kanila, ng kopya ng ating Aplikasyon at Patakaran sa Tulong Pinansiyal, Buod ng Payak na Wika, at ang Patakaran ng Paniningil at Koleksyon. Kapag hiniling, ang BSHSI ay magbibigay din sa mga indibidwal ng website address ng ating Tulong Pinansyal. Ang mga indibidwal ay maaari ring magkakuha at makatanggap ng tulong sa pagkumpleto ng Aplikasyon sa Tulong Pinansiyal mula sa kahit alin sa ating mga lugar ng pagrerehistro, pinansyal na tagapayo o opisina ng kahero. Ang pinansyal na tagapayo at opisina ng kahero ay makikita sa loob ng lugar ng pagrerehistro ng pasyente. Ang mga indibidwal ay maaaring huminto sa kahit alin sa ating mga lamesang nagbibigay impormasyon sa loob ng bawat ospital na nakalista sa dulo nitong patakarang ito upang humingi ng tulong sa paghahanap ng pinansyal na tagapayo o opisina ng kahero. Ang mga indibidwal ay maaaring makakuha ng libreng kopya, sa pamamagitan ng koreo, ng ating Aplikasyon at Patakaran sa Tulong Pinansiyal, Buod ng Payak na Wika, at ang Patakaran ng Paniningil at Koleksyon sa pamamagitan ng pagtawag sa Departamento ng Serbisyo sa Parokyano sa (Lokal) 804-342-1500 o (Libreng Bayad) 877-342-1500.

## **MGA KAHULUGAN**

Mga Halagang Pangkalahatang Sinisingil (AGB) –Ang Mga Halagang Pangkalahatang Sinisingil ay nangangahulugan na ang mga halaga na pangkalahatang sisingilin sa mga pasyente para sa emergency at mga kailangang serbiysong medikal na may pagseseguro para sa naturang mga serbisyo. Ang singilin sa mga pasyente na karapat-dapat sa tulong pinansyal ay limitado sa hindi hihigit sa mga halagang pangkalahatang sinisingil (“AGB”) para sa naturang mga serbisyo. Ang mga singiling ito ay base sa karaniwang pinapayagang halaga mula sa Medicare at mga komersyal na tagabayad para sa emergency at ibang kailangang pangangalagang medikal. Ang pinapayagang halaga ay kabilang ang parehong halaga na babayaran ng tagapagseguro at ang halaga, kung mayroon, ang indibidwal ay personal na responsable sa pagbabayad. Ang AGB ay kinalkula gamit ang karaniwang pinapayagang halaga sa bawat 26 CFR §1.501(r),na maaaring mabago sa ilang panahon. Tingnan ang APENDIKS A para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bawas bayad ng AGB.

Ahensyang Tagakolekta - Ang “ Ahensyang Tagakolekta “ ay isang entidad na itinuon ng ospital upang ituloy o kolektahin ang bayad mula sa tagapanagot.

Panahon ng Aplikasyon – Ang panahon ng aplikasyon para sa mga tagapanagot upang mag-aplay para sa tulong pinansyal ay nagsisimula pagkatapos ng petsa ng unang pahayag ng paniningil o kahit 30 araw matapos mabigyan ng BSHSI ng nakasulat na paunawa na naglalagay pagkatapos ng huling araw ng pagbabayad kung saan ang ECA(s) ay maaaring simulan. Kung ang pasyente ay aprubado sa tulong pinansyal ang kanilang pagsakop ay balido sa loob ng 240 araw bago ang hindi masamang utang at bukas na balanseng account at 240 araw inilalagay ang petsa ng lagda sa aplikasyon. Ang mga pasyenteng aprubado sa tulong pinansyal na bumabalik para sa mga serbisyo sa loob ng 240 araw na panahon ng pag-aapruba ay sasalain para sa pederal, programa ng pagseseguro ng lokal na kalusugan sa bawat pagbisita. Ang programang tulong pinansyal ng BSHSI ay hindi pagseseguro.

Mapagpalagay na Tulong Pinansyal – Kapag ang hindi nakasegurong indibidwal ay lumalabas na karapat dapat para sa tulong pinansyal ngunit ang indibidwal ay hindi nakapagbigay ng kailangang dokumentong sumusuporta sa naturang karapatan. Sa ganitong mga pagkakataon ang tinatayang kita at/o halaga ng Lebel ng Pederal na Kahirapan ng indibidwal ay maaaring ibigay sa pamamagitan ng ibang pagmumulan, tulad ng mga ahensiya ng kredito, na nagbibigay ng sapat na ebidensiya upang bigyang-katwiran ang pagbibigay sa indibidwal ng tulong pinansyal. Ang mapagpalagay na karapatan ay determinado sa basehang bawat kaso at epektibo lamang para sa bahaging iyon ng pangangalaga.

Hindi Pangkaraniwang Aksyon ng Pangongolekta (ECA) - Ang ECA, ayon sa mga regulasyon ng IRS, ay anuman sa mga sumusunod:

- Pagbebenta ng utang ng indibidwal sa ibang partido
- Masamang pag-uulat sa mga ahensiya ng pag-uulat ng kredito o mga kawanihan ng kredito
- Pagliban, pagtangga o paghingi ng bayad bago ang pagbibigay ng kailangang medikal na pangangalaga dahil sa hindi pagbabayad sa naunang ibinigay na pag-aalaga
- Mga aksyon na nangangailangan ng legal na proseso, kabilang subalit hindi limitado sa:
  - Paglalagay ng prenda sa ari-arian
  - Pagsasara ng lupang ari-arian
  - Pagkakabit o pagkamkam ng isang account sa bangko o ibang personal na ari-arian
  - Pagsisimula ng aksyong sibil laban sa isang indibidwal
  - Pagiging dahilan ng pag-aaresto sa isang indibidwal
  - Pagiging dahilan para ang isang indibidwal ay mapasailalim sa kautusan ng pagkakabit ng katawan
  - Pagpapalamuti ng kita ng isang indibidwal

Ang pagpapasa ng paghahabol sa isang paglilitis ng pagkalugi ay hindi isang ECA.

Tagapanagot - Ang pasyente, tagapag-alaga, o entidad na responsable sa pagbabayad ng singilin para sa pag-aalagang pangkalusugan.

Programang Tulong Pinansyal sa Pasyente (FAP) – Isang programang naka- disenyo upang bawasan ang utang na balanse ng tagapanagot. Ang programang ito ay ibinibigay sa mga tagapanagot na hindi nakaseguro at kulang sa pagseseguro at para kung kanino ang pagbabayad ng buo o bahagi ng pinansyal na obligasyon na magdudulot ng labis na pinansyal na paghihirap.

Pinayagang ECA – Sa kabila ng malawak na pangkat ng mga gawain na ikinategorya bilang ECAs, ang tanging isasagawa ng ECA BSHSI ay mahirap na pag-uulat sa mga ahensiya ng pag-uulat ng kredito o mga kawanihan ng kredito, bilang kailangan.

Ikatlong Partidong Tagabayad - Isang organisasyon maliban sa pasyente ( unang partido) o tagabigay ng pag-aalagang pangkalusugan ( ikalawang partido) sangkot sa pagtutustos ng mga serbisyong pang personal na kalusugan.

Kulang sa Pagseseguro – Isang indibidwal na mayroong pagseseguro subalit siningil ng buong halaga para sa hindi sakop na mga serbisyo ayon sa kanilang plano ng benepisyo. Kabilang sa mga halimbawa subalit hindi limitado sa: Sariling paglalapat na mga gamot ng Medicare, pinakamataas na mga benepisyong naaabot, mga benepisyong pagiging ina, atbp.

Hindi nakaseguro – Mga pasyente na walang pagseseguro.

## **PAMAMARAAN**

### Nakatalang Pahayag

Ang mga tagapanagot ay maaaring humiling ng nakatalang pahayag para sa kanilang account sa kahit anong oras at walang babayaran.

### Pagtatalo

Ang kahit sinong tagapanagot ay maaaring makipagtalo tungkol sa isang bagay o singilin sa kanilang bayarin. Ang mga tagapanagot ay maaaring magsimula ng pagtatalo sa pasulat na paraan o sa telepono sa isang representante ng serbisyong pang kliyente. Kung ang tagapanagot ay humihiling ng dokumentasyon tungkol sa paniningil sa kanila, ang mga miyembro ng tauhan ay gagamit ng makatwirang pagsisikap sa tagapanagot sa loob ng tatlong araw na may trabaho.

### Siklo Ng Paniningil

Ang siklo ng paniningil ng BSHSI ay nagsisimula sa petsa ng unang pahayag. Ang BSHSI ay gumagawa ng mga makatwirang pagsisikap upang mabigyan ng pasalitang paunawa ang tagapanagot tungkol sa (FAP) at paano sila makakakuha ng tulong sa pagkukumpleto ng aplikasyon sa tulong pinansyal. Sa gitna ng siklo ng paniningil ang mga tagapanagot ay maaaring tumanggap ng mga tawag, paunawa at sulat upang ituloy ang koleksyon at tulungan ang mga tagapanagot sa kanilang mga tanong tungkol sa FAP. Isinasama rin ng BSHSI sa bawat pagpapahayag ng paniningil at sulat ang impormasyon tungkol sa paraan ng pagbabayad, pamimilian ng pagbabayad, tulong pinansyal, website at ang isang numero ng pakikipag-ugnayan para sa serbisyong pang kliyente.

Nasa ibaba ang iskedyul ng mga pagpapahayag at sulat:

- Ang pagpapahayag ay pinadala sa tagapanagot kapag ang balanse ay determinadong utang ng tagapanagot
- Isang sulat ng pagsunod ay ipinadala 30 araw matapos ang petsa ng pagpapahayag na nagpapaalam sa tagapanagot na ang kanilang account ay lagpas na sa takdang petsa
- Isang pangalawang sulat ay ipinadala 30 araw matapos ang unang sulat na nagpapaalam sa tagapanagot na ang kanilang account ay delinkwente

- Isang pangatlo at huling sulat ay ipinadala 30 araw matapos ang pangalawang sulat na nagpapaalam sa tagapanagot na ang kanilang account ay seryosong delinkwente at ang account ay maaaring ibigay sa isang ahensyang tagakolekta
- Sa ika- 120 araw ng siklo ng paniningil ang account ng tagapanagot ay inilalagay sa pangunahing ahensyang tagakolekta kung ang balanse ng tagapanagot ay hindi pa bayad at walang aplikasyon sa tulong pinansyal ang natatanggap.
- Sa ika - 300 na araw ng siklo ng paniningil ang account ng tagapanagot ay inilalagay sa ikalawang ahensyang tagakolekta kung ang balanse ng tagapanagot ay hindi pa rin bayad at walang aplikasyon sa tulong pinansyal ang natatanggap.
- Sa ika -480 araw ng siklo ng paniningil ang account ng tagapanagot ay inilalagay sa ikatlong ahensyang tagakolekta kung ang balanse ng tagapanagot ay hindi pa rin bayad at walang aplikasyon sa tulong pinansyal ang natatanggap.

#### Hindi Pangkaraniwang Mga Aksyon ng Koleksyon

Ang BSHSI at ang kapareha nitong ahensyang tagakolekta ay maaaring gumawa ng ECA sa pamamagitan ng pag-uulat ng kawanihan ng kredito. Ang BSHSI at ang kapareha nitong ahensyang tagakolekta ay hindi gagawin ang ECA laban sa tagapanagot na walang makatwirang pagsisikap upang alamin ang karapatan ng tagapanagot sa tulong pinansyal. Partikular ang tagapanagot ay:

- Bibigyan ng pasulat na paunawa 30 araw na mas maaga sa ECA na gagawin ng kaparehang ahensyang tagakolekta.
- Bibigyan ng pasulat na paunawa para sa panahon kung kailan ang ECA ay sisimulan.
- Tumanggap ng pasulat na paunawa na ang tulong pinansyal ay makukuha ng karapat-dapat na mga indibidwal.
- Bibigyan ng kopya ng buod ng simpleng wika ng FAP.

Ang mga kaparehang ahensyang nangongolekta ng BSHSI ay gagawa ng makatwirang pagsisikap upang magbigay ng pasalitang paunawa sa tagapanagot tungkol sa FAP at paano sila magkakaroon ng tulong. Ang tagapanagot ay magkakaroon ng hanggang 30 araw upang mag-aplay para sa tulong pinansyal matapos bigyan ng ahensyang tagakolekta ng pasulat na paunawa na nagbibigay ng huling araw upang simulan ang ECA.

#### Walang ECA habang Pinoproseso ang Aplikasyon sa Tulong Pinansyal

Ang BSHSI at ang kapareha nitong ahensyang tagakolekta ay hindi itutuloy ang ECA sa tagapanagot na nagbigay ng aplikasyon para sa tulong pinansyal. Kung malalaman na ang tagapanagot ay kwalipikado para sa tulong pinansyal at ang tagapanagot ay nagbayad, ang BSHSI ay magsasaliksik upang kilalanin kung ang ibang mga account, na may kaugnayan sa tagapanagot, ay may natitirang balanse na hindi kwalipikado para sa tulong pinansyal. Kung ang account na may natitirang balanse ay nakita, ang BSHSI ay makikipag-ugnayan, sa pamamagitan ng sulat, na nagpapaalam sa tagapanagot na ang bayad na ginawa sa account, na inaprubahan para sa tulong pinansyal, ay ililipat sa account na may natitirang balanse. Kung ang tagapanagot ay hindi sumasang-ayon sa paglipat ng pondo, ang kahit na anong halaga na matatanggap katumbas o mas higit sa \$5.00 ay isasauli sa tagapanagot. Ang BSHSI ay hindi magbabalik sa tagapanagot ng kahit anong halagang mas mababa sa BSHSI \$5.00. Kung ang tagapanagot ay kwalipikado para sa bahagyang tulong pinansyal

ang natitirang balanse ay dadaan sa lahat ng pagsisikap ng siklo ng paniningil. Kung ang tagapanagot ay hindi nagsumite ng aplikasyon para sa tulong pinansyal at inaprubahan para sa mapagpalagay na tulong pinansyal, ang mapagpalagay na tulong pinansyal ay magagamit lamang sa pangkasalukuyang balanse ng tagapanagot at walang nakaraan o pangkinabukasan na mga bayad ang popondohan.

#### Pagproseso ng mga Aplikasyon sa Tulong Pinansyal

Kung ang indibidwal ay nagsumite ng hindi kumpletong aplikasyon sa loob ng panahon ng aplikasyon, ang BSHSI ay:

- Magbibigay ng pasulat na paunawa sa indibidwal ng karagdagang impormasyong kailangan upang makumpleto ang aplikasyon.
- Magbibigay ng pasulat na paunawa sa indibidwal na mayroon silang 30 araw upang magsumite ng karagdagang impormasyon.

Kung ang indibidwal ay nagsumite ng kumpletong aplikasyon sa loob ng panahon ng aplikasyon, ang BSHSI ay:

- Isasantabi ang account para maiwasan ang kahit anong gawain sa koleksyon mula sa pangyayari hanggang sa malaman ang karapatan sa tulong pinansyal.
- Pagproseso ng aplikasyon at gumawa ng makatwirang pagsisikap upang bigyang paunawa ang indibidwal ng pag-aaprubang o pagtanggap sa loob ng 60 araw ng pagtanggap ng kumpletong aplikasyon.

Kung ang indibidwal ay naging kwalipikado sa bahagyang tulong pinansyal, ang BSHSI ay magbibigay ng mga sumusunod:

- Isang aprubadong sulat na nakalagay ang antas ng aprubadong tulong pinansyal at ang diskwento na matatanggap ng indibidwal.
- Isang pagpapahayag ng paniningil na nakalagay ang halaga ng utang ng tagapanagot para sa mga serbisyo..

Kung ang indibidwal ay hindi nagsumite ng aplikasyon sa loob ng panahon ng aplikasyon, ang mga tagapanagot ay tatanggap ng mga pagpapahayag ng siklo ng paniningil na naglalaman ng impormasyon tungkol sa FAP. Sa pagsisikap na makakuha ng bayad para sa mga serbisyon tinanggap, ang BSHSI at ang kapareha nitong ahensyang tagakolekta ay maaaring gumawa ng ECA sa paraan ng pag-uulat ng kawanihan ng kredito. .

## APENDIKS A

### AGB

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa diskwentong AGB ay matatagpuan sa [www.fa.bonsecours.com](http://www.fa.bonsecours.com) o sa pamamagitan ng pagtawag sa serbisyong pang customer sa (Lokal) 804-342-1500 o (Libreng Tawag) 1-877-342-1500. Para sa serbisyong pang customer sa Rappahannock General Hospital mangyaring tumawag sa 804-435-8529.

APENDIKS B

Listahan ng mga ospital

**Baltimore**

**Bon Secours Hospital**

2000 West Baltimore Street | Baltimore, MD 21223

**Hampton**

**Bon Secours Maryview Medical Center**

3636 High Street | Portsmouth, VA 23707

**Mary Immaculate Hospital**

2 Bernardine Drive | Newport News, VA 23602

**Bon Secours DePaul Medical Center**

150 Kingsley Lane | Norfolk, VA 23505

**Kentucky**

**Our Lady of Bellefonte Hospital**

St. Christopher Drive | Ashland, KY 41101

**Rappahannock**

**Bon Secours Rappahannock General Hospital**

101 Harris Road | Kilmarnock, VA 22482

**Richmond**

**ST. Mary's Hospital**

5801 Bremo Road | Richmond, VA 23226

**Memorial Regional Medical Center**

8260 Atlee Road | Mechanicsville, VA 23116

**Richmond Community Hospital**

1500 N. 28th Street | Richmond, VA 23223

**ST. Francis Medical Center**

13710 St. Francis Boulevard | Midlothian, VA 23114

**South Carolina**

**ST. Francis Downtown**

1 St. Francis Drive | Greenville, SC 29601

**ST. Francis Eastside**

125 Commonwealth Drive | Greenville, SC 29615

**ST. Francis Millennium**

2 Innovation Drive | Greenville, SC 29607